# Fact sheet - Agarang Kautusan sa Kaligtasan ng Komunidad ng Paaralan

**Ano ang ginagawa ng isang Agarang Kautusan sa Kaligtasan ng Komunidad ng Paaralan?**

Tinatawag na 'mga awtorisadong tao' ang ilang tao, gaya ng mga punong-guro at mga tauhan ng Kagawaran ng Edukasyon at Pagsasanay (Department of Education and Training). May kapangyarihan silang gumawa ng mga Kautusan na nagtatakda ng mga patakaran para sundin ninyo kapag pumupunta kayo o nakikipag-ugnayan sa paaralan.

Pinipigil kayo ng isang Kautusan na pumasok o manatili sa paligid ng paaralan o iba pang lugar kung saan nangyayari ang mga aktibidad ng paaralan. Maaaring isama ng Kautusan ang mga detalye gaya ng mga oras kung kailan, o mga lugar kung saan, hindi naaangkop ang Kautusan.

Makikita ang karagdagang impormasyon tungkol sa mga Kautusan sa Kaligtasan ng Komunidad ng Paaralan dito. Maaari ninyong panoorin ang isang video dito para tulungan kayong maintindihan kung ano ang ginagawa ng mga Kautusan sa Kaligtasan ng Komunidad ng Paaralan.

**Gaano katagal ang isang Agarang Kautusan?**

Sinasabi rin ng Kautusan sa inyo kung gaano katagal iiral ang mga patakarang ito. Ang pinakamatagal na haba ng panahon na maaaring umiral ang isang Kautusan ay 14 na araw.

**Kung mayroon akong anak na nasa paaralan, ano ang mangyayari sa kanya ngayong kailangan kong sundin ang isang Agarang Kautusan?**

Pinag-isipang mabuti ng inyong paaralan ang tungkol sa kung paano makakaapekto ang Kautusan sa inyong anak at kung paano kayo nagmamalasakit para sa kanya. Hindi layunin ng isang Kautusan na pigilin kayo mula sa pangangalaga sa kanya o masangkot sa kanyang pag-aaral.

Bibigyan kayo ng inyong paaralan ng isang 'Protocol sa Komunikasyon at Access' sa lalong madaling panahon matapos kayong bigyan ng isang Kautusan. Itatakda nito:

- kung paano kayo sasabihan tungkol sa pag-aaral ng inyong anak
- kung paano makapagpapatuloy na pumasok sa paaralan ang inyong anak at sumali sa mga aktibidad nang ligtas
- kung ano ang gagawin nila para siguraduhin na sinusuportahan at inaalagaan ang inyong anak.

**Paano kung hindi ako sumasang-ayon sa isang Agarang Kautusan?**

Dapat suriin nang agaran ang Kautusan ng awtorisadong tao na gumawa ng Kautusan matapos nila itong gawin para isaalang-alang kung dapat silang gumawa ng isang 'Umiiral na Kautusan sa Kaligtasan ng Komunidad ng Paaralan' o para kanselahin ang Kautusan. Makikita ang karagdagang impormasyon tungkol sa mga Umiiral na Kautusan sa website ng Kagawaran ng Edukasyon at Pagsasanay dito.

Maaari kayong magsumite anumang oras para ipaliwanag kung bakit kayo kumilos sa isang partikular na paraan, paano kayo nito maaapektuhan o ang inyong anak o anumang iba pang bagay na kailangan nilang malaman. Halimbawa, maaari ninyong gustuhing sabihin sa paaralan na may kapansanan ang inyong anak para masiguro nila na maipagpapatuloy ninyo na suportahan siya sa pagpasok sa paaralan.

Ang nakasulat na pagsusumite ay maaaring isang email o sulat sa awtorisadong tao. Maaari ninyong gamitin ang template na nasa website ng Kagawaran ng Edukasyon at Pagsasanay dito.

Kung ayaw ninyong sumulat ng isang pagsusumite, sa halip maaari kayong humiling na magbigay ng isang verbal na pagsusumite. Maaari din kayong humiling sa isang tao ng gawin ang pagsusumite para sa inyo, gaya ng inyong sumusuportang tao sa kapansanan o interpreter.

**Ano ang mangyayari kung hindi ako sumunod sa isang Kautusan?**

Kung hindi kayo sumunod sa mga patakaran na itinakda sa Kautusan, maaaring mag-apply ang paaralan sa Hukuman ng Mahistrado para pasunurin kayo sa Kautusan.

Kung malaman ng Hukuman ng Mahistrado na nagkamali kayo sa hindi pagsunod sa isang Kautusan, maaari nilang:

- hingin sa inyo na magbayad ng multa
- hingin sa inyo na sumunod sa Kautusan
- hingin sa inyo na gumawa ng partikular na aksyon para sumunod sa Kautusan
- hingin sa inyo na gawin ang anumang bagay na sa palagay ng Hukuman ay naaangkop.

Hindi kayo makukulong, tatanggap ng kriminal na record o parusang krimen sa hindi pagsunod sa isang Kautusan.

**Paano kung kailangan ko ng isang tagasalin/interpreter o ibang suporta?**

Kung kailangan ninyo ng isang tagasalin, interpreter o suportang tao, maaari niyong sabihin sa punong-guro ng paaralan na makatutulong sa inyo na kumuha ng suporta.

Kung pumapasok ang inyong anak sa isang pampublikong paaralan, maaari din kayong makipag-ugnayan sa panrehiyong opisina ng Kagawaran ng Edukasyon at Pagsasanay para sa karagdagang suporta.

| | |
|---|---|
| North Eastern Victoria<br>Telepono: 1300 333 231<br>Email: nevr@education.vic.gov.au | North Western Victoria<br>Telepono: 1300 338 691<br>Email: nwvr@education.vic.gov.au |
| South Eastern Victoria<br>Telepono: 1300 338 738<br>Email: sevr@education.vic.gov.au | South Western Victoria<br>Telepono: 1300 333 232<br>Email: swvr@education.vic.gov.au |

**Paano kung gusto ko pa ng karagdagang impormasyon?**

Maaari kayong pumunta sa website ng Kagawaran ng Edukasyon at Pagsasanay dito para sa karagdagang impormasyon.